

## **Patakaran ng Metro Title VI**

Ang Los Angeles County Metropolitan Transportation Authority at Public Transportation Services Corporation (magkasamang tutukuyin dito mula ngayon bilang “Metro”), ay nangangako na tiyakin na walang sinumang tao ang indi mapabilang mula sa paglahok sa, o pagkaitan ng mga benepisyo ng kanilang mga serbisyo batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, edad o kapansanan gaya ng pinoprotektahan ng Title VI ng Civil Rights Act of 1964, tulad ng sinusugan.

Walang sinumang tao o grupo ng mga tao ang pakikitunguhan nang di-pantay hinggil sa mga pasahe, ruta, pag-iskedyul, o kalidad ng serbisyo sa transportasyon na ipinagkakaloob ng Metro, batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, edad o kapansanan. Ang dalas ng serbisyo, panahon at kalidad ng mga sasakyan ng Metro na nakatalaga sa mga ruta, kalidad ng mga istasyon ng Metro na nagseserbisyo sa Los Angeles County, at kinaroroonan ng mga ruta ay hindi itatakda batay sa lahi, kulay o bansang pinagmulan.

Para sa karagdagang impormasyon sa obligasyon ng Metro hinggil sa walang diskriminasyon, mangyaring sumulat sa:

**METRO**  
EEO Program Manager  
One Gateway Plaza  
Los Angeles CA 90012

Ang sinumang tao na naniniwala na siya, bilang indibidwal o miyembro ng anumang partikular na uri ng mga tao, ay nakaranas ng diskriminasyon batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, edad o kapansanan ay maaaring magharap ng isang Title VI na karaingan sa Metro.

Ang reklamo ay dapat iharap sa loob ng 180 araw mula petsa ng pagganap ng sinasabing diskriminasyon. Ang mga nakasulat na karaingan ay maaaring ipadala sa Metro, One Gateway Plaza, EEO Program Manager, 99-13-4, Los Angeles, CA 90012, o ang isang online na pormularyo sa karaingan (tingnan ang ibaba) ay maaaring kumpletihin at ipadala sa Metro Customer Relations.

Bukod pa sa proseso ng Title VI na karaingan sa Metro, ang nagrereklamo ay maaaring magharap ng isang Title VI na karaingan sa Federal Transit Administration, Office of Civil Rights, Region IX, 201 Mission Street, Suite 1650, San Francisco, California 94105-1839.

### **Paano ako magharap ng isang Title VI na Karaingan?**

Kung kayo ay naniniwala na kayo ay di-pinakitunguhan nang pantay, maaari kayong magharap ng isang pinirmahang nakasulat na karaingan sa loob ng isang daan at walumpung (180) araw ng petsa ng sinasabing diskriminasyon. Dapat kabilang ang sumusunod na impormasyon sa karaingan:

- Ang inyong pangalan, address, at kung paano kayo makokontak (halimbawa, telepono, email address, atbp.)
- Paano, kailan, saan, at bakit kayo naniniwala na kayo ay di-pinakitunguhan nang pantay. Isali ang lugar, mga pangalan, at kung paano makokontak ang sinumang mga testigo.

Ang karaingan ay maaaring iharap nang nakasulat sa Metro Customer Relations sa:

## **Customer Relations**

Los Angeles County Metropolitan Transportation Authority  
1 Gateway Plaza  
Los Angeles, CA 90012

**Maaaring I-print na Pormularyo:** Tingnan sa ibaba

**Email:** [Magklik dito](#)

**Tumawag:** 1.800.COMMUTE (matatawagan nang libre)

**May Problema sa Pandinig:** 1.800.252.9040 (TDD)

**Tulong sa Karaingan:** Ang Metro Customer Relations ay tutulong sa pagsulat ng isang karaingan kung ang nagrereklamo ay walang kakayahang gawin ito.

Ang mga nagrereklamo ay maaari ring magharap ng isang Title VI na karaingan sa isang panlabas na entidad tulad ng FTA, iba pang pampederal o pang-estadong ahensiya, o sa isang pampederal o pang-estadong korte. Gayunman, kung ang isang karaingan ay sabay na hinarap sa Metro at sa isang panlabas na entidad, ang panlabas na karaingan ay mangunguna sa karaingan sa Metro, at ang mga kaparaanan ng karaingan sa Metro ay ihihintô habang hinihintay ang matutuklasan ng panlabas na entidad.

### **Ano ang mangyayari sa aking karaingan sa Metro?**

Ang lahat ng mga karaingan sa sinasabing diskriminasyon batay sa lahi, kulay o bansang pinagmulan, kasarian, edad o kapansanan sa isang serbisyo o benepisyo na ipinagkakaloob ng Metro ay irekord sa Customer Comment Database Program Form Computer Screen at agad-agad na tatakdaan ng complaint number ng Metro Customer Relations.

Ipadala ng Metro Customer Relations ang Title VI na karaingan at maglalaan ito ng angkop na tulong sa mga nagrereklamo, kabilang ang mga tao na may mga kapansanan, o na limitado sa kanilang kakayahan na makipagkomunika sa Ingles.

Sa mga kaso kung saan ang karagdagang impormasyon ay kinakailangan para sa pag-aseso o pag-imbetiga sa karaingan, ang Metro ay magpapadala ng sulat sa nagrereklamo sa loob ng 15 araw na may trabaho. Kapag hindi ibinigay ng nagrereklamo ang hinihiling na impormasyon sa isang tiyak na petsa, maaaring isara ang karaingan.

Imbestigahan ng Metro ang karaingan at maghahanda ito ng nakasulat na tugon na rerebyuhin ng Metro. Kung naaangkop, maaaring isara ng Metro ang reklamo.

Imbestigahan ng Metro ang isang pormal na Title VI na karaingan sa loob ng sampung (10) araw na may trabaho ng pagtanggap ng karaingan. Batay sa lahat ng impormasyong natanggap, maghahanda ang Metro ng nakasulat na tugon na rerebyuhin ng Deputy Executive Officer (DEO) of Diversity and Economic Opportunity ng Metro.

Titiyakin ng DEO kung ang karaingan ay maaaring isara pagkatapos isulat ang draft, o kung ang isang kahuli-hulihang nakasulat na tugon ay kinakailangan. Kung ang isang kahuli-hulihang nakasulat na tugon ay kinakailangan, magpapadala ang Metro ng tugon sa

nagrereklamo at papayuhan nito ang nagrereklamo tungkol sa kanyang karapatan na magharap ng isang reklamo sa panlabas na entidad.

Ang nagrereklamo ay papayuhan din tungkol sa kanyang karapatan na apelahin ang tugon sa pampederal at pang-estadong awtoridad tulad ng naaangkop. Gagawin ng Metro ang kanyang pinakamakakaya upang tumugon sa isang Title VI na karaingan sa loob ng animnapung (60) araw ng trabaho ng pagtanggap ng ganoong karaingan, maliban kung ang isang karaingan ay sabay na naiharap sa Metro at sa isang panlabas na entidad tulad ng naunang ipinahayag

### **Paano ako maabisuhan tungkol sa resulta?**

Magpapadala ang Metro ng kahuli-hulihang nakasulat na tugon sa nagrereklamo at papayuhan nito ang nagrereklamo tungkol sa kanyang karapatan na magharap ng isang reklamo sa panlabas na entidad. Gagawin ng Metro ang kanyang pinakamakakaya upang tumugon sa mga Title VI na karaingan sa loob ng 60 araw ng kanyang pagtanggap ng mga ganoong karaingan.

Bukod pa sa proseso ng reklamo sa Metro, maaaring magharap ang isang nagrereklamo ng Title VI na reklamo sa:

#### **U.S. Department of Transportation**

Federal Transit Administration  
Office of Civil Rights, Region IX  
201 Mission Street, Suite 1650  
San Francisco, California 94105-1839.

### **Sino ang maaaring magharap ng isang karaingan?**

Ang sinumang tao na naniniwala na siya, bilang indibidwal o miyembro ng anumang partikular na uri ng mga tao, ay nakaranas ng diskriminasyon batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, edad o kapansanan ay maaaring magharap ng isang Title VI na karaingan sa Metro.

Ang isang reklamo ay dapat iharap sa loob ng 180 araw pagkatapos ng petsa ng sinasabing diskriminasyon. Ang mga nakasulat na reklamo ay maaaring iharap sa:

#### **Metropolitan Transportation Authority**

One Gateway Plaza  
Los Angeles, CA, 90012

O kaya'y maaaring gamitin ang pormularyo sa ibaba upang magharap ng isang reklamo.

Bukod pa sa Title VI na proseso ng reklamo sa Metro, maaaring magharap ang isang nagrereklamo ng isang Title VI na reklamo sa:

#### **U.S. Department of Transportation**

Federal Transit Administration  
Office of Civil Rights, Region IX  
201 Mission Street, Suite 1650  
San Francisco, California 94105-1839.

## **Ano ang Title VI?**

Ang Title VI ng Civil Rights Act of 1964 ay nagbabawal sa diskriminasyon batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, edad o kapansanan sa mga programa at mga aktibidad na tumatanggap ng pinansyal na tulong sa Pederal.

Ang Los Angeles County Metropolitan Transportation Authority (Metro) ay nangangakong tiyakin na walang sinumang tao ang maaaring hindi mapabilang mula sa paglahok sa, o matanggihan ng mga benepisyong kanilang mga serbisyo sa transportasyon batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, edad o kapansanan gaya ng pinoprotektahan ng Title VI ng Civil Rights Act of 1964. Kung naniniwala kayo na kayo ay nakaranas ng diskriminasyon sa ilalim ng Title VI, maaari kayong magharap ng isang reklamo.

**Title VI na Pormularyo ng Karaingan**

Ipinag-uutos ng Title VI ng 1964 Civil Rights Act na “Walang sinumang tao sa Estados Unidos, batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, edad o kapansanan ang hindi maaaring hindi ilahok sa, matanggihan ng mga benepisyo ng, o makaranas ng diskriminasyon sa ilalim ng anumang programa o aktibidad na tumatanggap ng pederal na pinansyal na tulong.”

Ang sumusunod na impormasyon ay kinakailangan upang tulungan kaming iproseso ang inyong karaingan. Kung kinakailangan ninyo ng anumang tulong sa pagkompleto ng pormularyong ito, mangyaring ipaalam sa amin.

Kumpletohin at ibalik ang pormularyong ito sa: Metro Customer Relations, Los Angeles County Metropolitan Transportation Authority, 1 Gateway Plaza, Los Angeles, CA 90012.

1. Pangalan ng Nagrereklamo:

2. Address:

3. Lungsod: Estado: Zip Code:

4. Telepono (bahay): (opisina):

5. Taong pinakitunguhan nang di-pantay (kung ibang tao maliban sa nagrereklamo):

Pangalan:

Address:

Lungsod: Estado: Zip Code:

6. Alin sa sumusunod ang pinaka-naglalarawan sa dahilan ng inyong paniniwala na may nangyaring diskriminasyon? Ito ba’y dahil sa inyong:

a. Lahi/Kulay:

b. Bansang Pinagmulan:

c. Kasarian

d. Edad

e. Kapansanan

7. Anong petsa nangyari ang sinasabing diskriminasyon?

8. Sa inyong mga sariling salita, ilarawan ang sinasabing diskriminasyon. Ipaliwanang kung ano ang nangyari at sino sa palagay ninyo ang may pananagutan. Mangyaring gamitin ang likod ng pormularyong ito kung kinakailangan ang karagdagang lugar.

9. Hinarap ba ninyo ang karaingang ito sa iba pang pederal, estado, o lokal

na ahensiya; o sa anumang pederal o estadong korte? Oo : Hindi:

Kung oo, mangyaring lagyan ng tsek ang kahon na umaaplay:

Pampederal na ahensiya  
ahensiya

Pampederal na korte

Pang-estadong

Pang-estadong korte

Lokal na ahensiya

10. Mangyaring ibigay ang impormasyon tungkol sa taong makokontak sa ahensiya/korte kung saan ibinigay ang karaingan.

Pangalan:

Address:

Lungsod:

Estado:

Zip Code:

Telepono:

11. Mangyaring pumirma sa ibaba. Maaari ninyong ilakip ang anumang nakasulat na materyales o iba pang impormasyon na sa palagay ninyo ay mahalaga sa inyong karaingan.

\_\_\_\_\_  
Pirma ng Nagrereklamo

\_\_\_\_\_  
Petsa